**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S SPEECH DURING THE SALAMAT MAGIGITING NA MANDIRIGMA: GO NEGOSYO KAPATID FOR MARAWI FINANCIAL ASSISTANCE FOR THE FAMILIES OF THE FALLEN HEROES**
Heroes Hall, Malacañan Palace
July 25, 2017

Kindly sit down. Thank you for the courtesy.

I will read my prepared speech then dadagdag lang ako ng— hindi ako ang gumawa nito eh. (laughter) Sa taas lang. Pero, dadagdagan ko ito ng sarili kong mensahe.

I would like to extend my sincerest condolences to the families of our troops who perished fighting for the liberation of Marawi.

I know that no amount could equal the precious lives of your loved ones. May you find solace in the fact that the whole nation condoles with you in these trying times.

Our troops knew of the danger that they will face upon the venture into the warzone. Still, they bravely took up the challenge so that they can bring peace and liberation to the besieged city.

The Philippines will forever be grateful for their heroism.

I would like to commend our partners from the private sector for their participation in the rehabilitation of the City of Marawi. Your humanitarian activities are continuous sources of hope for the thousands of displaced families in the region.

Thank you for extending the much-needed support for the bereaved families of our fallen AFP and PNP troops.

To the Go Negosyo Kapatid Family Care Fund under the Go Negosyo Kapatid for Marawi Program, your tireless efforts show that nothing is impossible as long as we work together. I hope that we can continue this harmonious partnership to bring back prosperity, not only for Marawi but for the rest of the country.

To our troops from the AFP and PNP who are still battling those who wish to do our people and country harm, may you remain strong in heart and mind. Honor your fallen comrades by making sure that your sacrifices will not be in vain. And do not be killed. Wala na yan doon, dinagdag ko na lang. (laughter) Kung maaari lang. Rest assured that the government is behind you as you continue this noble fight.

Together, we will work assiduously to bequeath a peaceful and prosperous Philippines for the generations to come.

Salamat.

Yung akin po naman.

Yung akin medyo civilian lang ito. Hindi ako military pero ako yung Commander-in-Chief. Sa totoo lang po, hindi ako nakatapos maski yung PMT lang. Pero civilian ako at ako yung Commander-in-Chief nila. And if there is anybody, kung may tao dito na dumudugo every night, magbasa ako ng briefer at bilangin ko yung mga sundalo kong namatay. Ako po yung nagdudusa sa lahat. Kasi ako yung tumawag, nag-deklara ng martial law, at ako yung nag-utos ng mga sundalo na pumunta doon at magpakamatay.

Now, wala akong— hindi na madala ito sa pera. Hindi 'to madala sa anong bagay ngayon, alam ko yan. But, just like a father, eh kasi ang trabaho ko naman rin nung mayor ako, panay ang akyat ko sa bukid kasi gusto kong makita yung mga proyekto ng gobyerno na may nangyayari. At minsan makasalubong ko itong mga NPA. Sometimes, maganda ang ano namin; sometimes, contentious.

Kaya naman noon, sarili ko pati sa asawa ko, pamilya ko, baka sa trabaho ko, madidisgrasya rin ako. Kasi hindi ho lahat naman panahon, nagsisigaw-sigawan ka lang. Itong mga taga-bukid na mga NPA, akala mo naman, sila ang may-ari ng mundong ito.

But we go, our work with— usap-usapan lang. But ngayon po, nung Presidente ako, nag-iba na ang panahon. Hindi na po ako pwedeng mag— yung just na bunganga ko, parang walang kalaban.

Kaya ako, medyo, dahil sa trabaho ko, magkaibigan man kami noon, sabi ko, prangkahan ko talaga sila, "ngayon kalaban na tayo". And yun yung isang parte ng trabaho ng sundalo, trabaho ng mga sundalo ko, pati mga pulis ko.

Hindi lang ako magtagal. Alam mo, kaming mga tatay, maski ako, magsakay ako noon ng eroplano; barko; sometimes, bangka; sometimes, maabutan ako ng flood; sometimes, maabutan ako sa gitna ng bakbakan, I am always conscious. Takot ako. Duwag kasi ako. Duwag akong mamatay dahil ang nasa isip ko pamilya.

Ito, ikuwento ko sa inyo, totoo 'to at alam ng mga matatandang sundalo. Minsan, pinara nila ako sa bukid, New People's Army at pagpara ko, tinutukan ako ng M14— kasi nakita ko yung baril bago ko natupad yung— Tapos itinutok sa akin, ang pumasok sa isip ko— hindi ako takot mamatay; sabi ko sa isip ko: "Kawawa naman ang mga anak ko." Sabi ko, "Diyos, ikaw na lang ang bahala. Baka nandito lang ako— hanggang dito lang ako."

So pinababa nila ako, tapos, pinaupo ako nila sa isang bato na hindi naman upuan. Tapos, kinangaroo court nila ako kasi prosecutor ako noon.

Pagdating sa korte, ako yung nagdadala ng kaso para sa gobyerno. Most of the time, hindi naman ako nagyayabang, totoo naman ‘to, ako yung humahawak ng kaso sa mga rebelde, sa lahat ng rebelde.

So nakilala nila ako, tapos, usap-usap sila. Sabi ko, “Bakit?” Sabi nila, “Bakit ka nandito?” Sabi ko, “Tatakbo ako ng Presidente—” Ah oo, presidente, vice mayor ako noon. Sabi, “So, ito ‘yung tao na gusto tayong ikulong.” Tapos, nung hindi ako umimik, sinagot ko sila.

Sabi ko, “Alam ninyo, trabaho ko yan. Pag hindi ko kayo yayariin sa korte, lalabas kayo, libreng tao. Ang aking mandato is to put you behind bars. Trabaho ko yan eh. Pero pag pinatay ninyo ako, okay lang. Basta sabihin lang ninyo sa mundo na pinatay namin itong taong ‘to dahil kalaban sa gobyerno at nagtatrabaho siya sa trabaho niya.” Sabi ko, “Okay lang.”

Lahat ang tao may panahon. Lahat ng tao, may panahon. Sa Islam, it’s always Allah. Siya yung mag-decide at meron siya. For the Christians, then we have the Ecclesiastes 4.

That there is— everything: a time for things under the sun. A time to be born and a time to die, a time to fight and time to lose, a time to be happy and a time to be sad, a time to be aplenty and a time of want. And there‟s always a time to die. Hindi natin kontrolado yan.

When? Kung kailan natin— as Christians, kung kailangan malaman talaga natin, we just read the bible. And it says: “At the end of the world, He shall come to judge the living and the dead.” I don’t know what that means because to judge, you have to be at least in the state of what I am now, alive.

But that is what is promised in the bible. And also, there are promises in the Qur’an about death and life. So when we shall die? We will never know.

Kaya ako, sa lahat ng mga kakilala ko, I always say” “death is a matter of destiny.” There is always a time, a date to be born. At maski saan ka; kami dapat; ako, 72; ang rami ko ng dinaanan. Akala ko, yung panahon na yun na pinara nila ako at tinutukan ako ng sangkatutak na M14, M16, I thought that was the time. I just asked God. I was not afraid. Totoo ‘yang sinasabi pala nila, in a moment of crisis, walang natatakot.

But at the back of our minds is really the bugging question, “Diyos ko po, may mga anak ako at asawa. Mahal ko sila. Sana makalusot ako dito.” Pero, pag hindi, the usual last message is, “God please take care of my family.”

That is the spiritual promise. Pero ngayon, ano yung magawa ng kagaya natin tao lang sa mundong ito? So ito ngayon, mga negosyante na may konting pera na pwede naman nilang— to share with you, para at least, makatulong lang man maski konti.

So you have the president, former president, kasama din to condole with you. President Arroyo makes it a point to share your grief.

Joey, he's an active organizer at yung mga kaibigan niya, negosyante, marami pong salamat sa inyong lahat and we will remember you. I will wait for you in heaven. (laughter/applause)

Bakit? Wala kayong siguro na pupunta doon? (laughter)

Now, meron akong ano ha, this is not really a thing to be— yang ipagyabang mo. Early on, alam ko talaga. Kaya yung isip ko na, I could only refer myself to myself, kung anong sasabihin ko sa inyo.

Sa totoo talaga, totoo 'to, nangyari. Nung tinutok yung M14 sa ulo ko, dito, akala ko, tapos na ako. Ang sabi ko, hindi ako takot mamatay. Kasi sabi ko, wala na eh, nandiyan na rin eh. Naghintay lang ako ng bang! Pero humabol yung isip ko, sabi ko, "God, please take care of my family. Huwag sanang maghirap lang sa buhay."

So ngayon, kami'y nandito, naiwan yung— mag-usap tayo ng pera. Hindi masama mag-usap ng pera lalo na ano, totoo lang.

You have the pension and everything given to you by the Armed Forces of the Philippines. In addition to that, there is a one single soul dito na sobra-sobra yung magnanimity niya.

Ayaw kong sabihin, kasi ayaw rin niyang sabihin. Ayaw niyang sabihin ko sa publiko o kanino man. Sabi niya, "Huwag lang malaman, basta ako magbigay." Bigay siya ng one million para sa inyo, isa't isang pamilya. (applause)

Kilala ko lang siya dahil Presidente ako. Mga gatherings na ano. But now, I see the— I can see the soul of the man. Ito yung pupunta talaga sa langit. (laughter) Ke kung ako rin yung Diyos, ano mang kasalanan niya, babae siguro o ano diyan, sabihin ko na lang kay Peter, "Pedro, buksan mo na yang gate diyan." (expletive) si Pedro, yung manok niya, hanggang ngayon, hindi namatay, (laughter) hindi naman nadagdagan. (laughter) Inisip ko lang kung sinong maglilinis doon sa gate na puro iti na yung manok niya. (laughter)

Well, ako, meron rin ako; long, long before. Wala, yung una pa, Mamasapano before, kasi alam ko eh. Matagal ako sa gobyerno, 23 years akong mayor, so every time may pulis, mamatay sa Davao, akin talaga yan. Lalo na in the line of duty, akin yan. Akin talaga yan. In addition to all, akin yan. Ganon yan si Inday ngayon, yung anak ko na mayor.

So, alam ko kung paano magdala ng— itong masasakit na pangyayari sa buhay.

Ngayong Presidente ako, sabi ko sa Gabinete, I need 50 billion na maiwan ko sa inyo para lang ito sa mga anak ninyo, edukasyon, wala nang iba. Pagkain, nandiyan na yan. But to make sure na yung mga anak niyo, makapag-aral, re-raise ako ng 50 billion trust fund. (applause) Hindi niyo na mauubos yan.

At sa awa ng Diyos, kakadasal ko, would you believe it? May 20 billion na kaagad ako. Hindi, yung iba, ihati ko. Oo, ihati ko sa pabahay.

Sa Davao ho, meron ang Army, ang pulis, ang military, meron silang 1,000 units. At sinabi ko doon, bantayan ninyo ke baka nakawin na naman ng Kadamay yan. (laughter) Naghahanap ng damay. (laughter) Alam mo, yung rally kagabi, pinuntahan ko talaga sila, kasi sabi ng mga security ko doon sa Congress, minumura daw ako. (expletive), pinuntahan ko sila. Sabi ko, "ano? Tapos kayo nga yung—"

Ito ngayon, mga Kadamay, itong mga Left, you are almost anarchists. Yung para sa inyo, wala nang batas, basta't na lang inaagaw ninyo kung— as if walang gobyerno, walang nagko-control.

Ngayon, huwag ninyo akong pilitin. Ayaw ko ng masakit. Huwag ninyong— yung mga additional— kasi ako meron rin akong 1,000 units para sa mga sundalo. Yung kay Inday, yung mga sa pang— sa mga mahirap.

Ito naman, kasali niya si Ramon Ang. Hindi man nagbawal si Ramon Ang sabihin ko yung pangalan niya. Itong akin, sa NHA talaga, para ito sa mga sundalo.

Ngayon, itong mga Kadamay, alam ninyo yan. Huwag ninyong ulitin ang ginawa ninyo. Nagwa-warning ako sa inyo. Kung ulitin ninyo yan at pipilitin niyong papasok, ang order ko talaga: paalisin kayo sa pwersa. Either batutahin kayo o pag lumaban kayo, ipagbabaril ko kayo. Huwag ninyong gamitin yang pagka-pobre ninyo to create chaos.

Maghintay kayo kung magkapera ako, gagawan ko kayong lahat. Lalo na itong mga mayaman na hindi nagbabayad, yung mga lupa, nasa kanila. I will get those properties and money from them at yan ang gagawain ko.

Pag nakuha ko yung Mile Long sa pag-aari ng mga Prieto sa Inquirer; yan, ipagbili ko lahat, ibuhos ko sa bahay ninyo. (applause) Pero huwag kayong mauna. Huwag kayong magpa-ano na kayo, mahirap.

Alam ko, mahirap. Wala tayong pera mag-imprenta para maibigay ko at itayo ninyo ng bahay. Huwag ninyong gawain yan simula ngayon, kasi ako, galit rin sa inyo. Galit na ako kasi gusto ninyo akong kausapin pero ina-ambush naman ninyo ako. Eh anong klase?

Tapos, you claim ignorance. Gusto ninyo akong kausapin, peace talks-peace talks, kung anu-ano diyan. Kalaki ko pang gasto, pagpapakain sa inyo, (expletive) kayo.

(laughter) Every time na mag-usap tayo, gastos ko. Letse. Huwag ninyong gawain sa akin yan.

Ayaw ninyong makipag-usap ng— ayaw ko na. Simula ngayon, no more talks. I will prepare government. Lahat ng pera, gagastusin ko muna sa military, wala na muna yang ano. Sila ang unahin ko. Alam mo bakit? Kasi pag hindi ko ginawang matatag at matibay na militar pati pulis, babagsak itong bayan na ito sa kalokohan ninyo.

Kaya hindi ako magdadalawang-isip pag nandiyan kayo, nagwawala kayo, nagnanakaw, magdemonstrate, magsira, que se joda. Kung saan ako ilagay ng Panginoong Diyos, I don't give a shit. Sabihin ko talaga, "Barilin mo para matuto tayong lahat magsunod ng batas." Wala na eh. Kasi kayo, mag-demonstrate, magtapon ng bato dito. Sige, subukan mo. Ipabaril ko kayo. Eh ano ngayon kung magpunta ako sa impiyerno. Bakit kayo, hindi? (expletive) (laughter)

Ipagpatuloy natin ang laban doon, mga letse kayo. (expletive) And to— itong Maute, wala tayong areglo dito, walang usapan, not even a whisper. Hindi ako makikinig sa inyo and we will not stop fighting. Hindi na ako pwedeng maghinto ngayon. Marami na akong patay na sundalo, marami na yung walang tatay, pati asawa.

Hindi ako— magdagdag pa ako ng isang libo diyan pero basta gusto ko, patay kayong lahat. Fair is fair. Patay kami, patay kayo. Kaya galingan na ninyo. Talagang tatapusin ko kayo lahat, to the last man.

Ngayon, kayong mga NPA, sinimula ninyo itong giyera na ito, 50 years ago. Sison, tumanda ka na lang diyan, ayaw mo pang admitahin na may sakit ka. Napaka-bakakon mo. (laughter) Kaya nga, pinapaalis na kayo sa Norway.

Alam mo, yung Norway, yung partido ngayon na humahawak ng gobyerno, matatalo. Ang issue, dahil sa gastos na pinatira kayo doon at yung ospital mo, wala kang bayad-bayad. Maawa ka naman sa Norwegian government, magpakamatay ka na lang. (expletive) yan. (laughter)

Eh hindi talagang nagmumura ako, hindi ko mapigilan. Yun man ang turo— hindi nanay at tatay ko— yung tiyuhin ko sigurong gago, (laughter), lasinggero. Sabihin, "ito na yan kung paano magsalita kung galit ka."

Yung NDF. Sabihin mo, bully. Bully ako? (expletive) totoo, bully talaga ako. Sinong hindi, pagka kalaban kita, you are an enemy of the state, bu-bully-lihin kita. Bu-bullshit-in talaga kita.

Kakausapin ko kayo, nandito sa Malacañang, first time, nakapasok kayo dito, ipinasyal ko pa kayo, naghanda pa ng pagkain diyan. Itong mga gago na 'to, bakit hindi niyo nilason? (laughter) Tapos na siguro yung problema ko. (applause)

Totoo. For the first time, at no other time, yan silang lahat, pumasok dito. Lahat. Pati yung mga nasa itaas. Noong panahong bago ako Mayor kasi gusto ko nga na areglo, sabi ko, “Sige, pasok lahat.” Eh itong mga sundalo, nagdududa naman. “Itong Presidente natin. Ano kaya, mag-coup d‟etat ito— atin? Mukhang hindi ‘to atin.” (laughter)

Buti’t na lang, kilala ko si Lorenzana. Secretary Lorenzana was once upon a time a soldier. He’s a general. But when I was Mayor many, many years ago, Major or Col— Lieutenant Colonel, he brought the— a contingent of the Scout Rangers, Second Ranger Battalion to Davao.

Ako yung Mayor, so kilala niya ako. Nandoon kami ng— I forgot the place. Na yung mga NPA, nasa kabila, tapos, gusto akong kausapin. Nandiyan yan si Secretary Lorenzana.

Sabi ko, “Sige. Usap man lang kaya?” Sabi ko, “Sige.” Di yung pinag— yung baruto na— Si Secretary Lorenzana, hindi pumayag. Sabi niya, “Huwag kang pumunta doon.” Sabi ko— akala ko concerned masyado siya sa buhay ko. “Huwag kang punta doon. (expletive), delikado.”

Sabi ko, “Bakit ba? Eh baka gusto lang naman makipag-usap.” “Hindi, ako, hindi ako papayag. (expletive) delikado.” Sabi ko, “Anong delikado?”

Yun pala, ibig sabihin niya, delikado ma-demote siya kung mamatay ako. (laughter) Biro mo, (expletive) nandiyan ka sa harap ko, eh tatawid ako ng Doming— Dominga? Dominga, oo. Eh may river doon, itong mga kulokoy na NPA, kaibigan ko man yan sila. Pero sabi niya, “Mamatay ka man, balik ka lang ng ibang araw kay ipadala ko yung deputy ko para kung luglugin ka doon, at least—” Sabi niya, “Malapit na akong maging General, (expletive) (laughter) Sabi niya, “Huwag, delikado.” Sabi ko— isip-isip ko— ano pala, delikado pala sa kanya ma-demote. (laughter) Biro mo, balik na naman siyang pagka-major. Ngayon, maintindihan ko na ang tao. Hindi, biro lang yun. (laughter)

So ito, meron akong promise sa inyo. May nakuha na ako na— We would like to thank Dominguez, Secretary of Finance for being so resourceful. Meron na akong 20 billion. So in the fullness of God’s time, pag pumayag si Allah, mabuhay ako— may four years pa naman ako, maka-raise pa ako ng 30 billion—hindi ho, 50 billion. So may 20 na ako, kailangan ko na lang ng 30.

Pag wala, eh di nakawin ko na lang ang Central Bank. (laughter), yung ibang mga diktador sa ibang— ganun man. Hinihirit talaga lahat ng mga gago. So, may iiwan ako sa inyo. Pero nandiyan na yang 20.

Yan, para lang sa edukasyon lang ha? Tutal, sobra-sobra na yung— may programa rin ang— kasi ang ano, hanggang four years lang. Kung may kursunada sa inyo, kung may utak, makapag-aral ng UST, La Salle. Hindi ko inaano yung— yung mga eskwelahan na

may magagandang kurso. Yun ang gastusan ng— it will be administered by— hindi ko ibigay sa ano yan.

Kung maaari, Central Bank na lang ang mag-foundation niyan. So yang dibidendo niyan, sa 50 billion, hindi na ninyo mauubos yan.

Ngayon, yun lang yan sa mga bata na gustong mag-aral. Pag tignan doon ang grade, kagaya ko rin noon, 75, 72, 71— (laughter) Eh sabihin mo na lang, "Bata, diyan ka na lang sa kanto. Huwag ka lang mag-droga kasi—"

Yan, isa pa yang droga na yan. Tatapusin ko talaga yan, tignan mo. Tatapusin ko yan. Either maubos ang droga o maubos yung mga durugista. Yan ang pangako ko sa Human Rights. (laughter/applause)

Huwag ninyo akong takut-takutin diyan sa trabaho ko. Di ako— ang— ako ang Presidente, tapos hindi ko kaya, ibigay ko na sa militar ang trabaho ko. Pag panahon na parang takot na akong mamatay, ayaw ko ng magtrabaho, tamad na, eh di tawagin ko na lang sila.

Maglinya sila dito. Sila, yang may uniporme o. Taas kamay. "Kami, ang bagong miyembro ng junta, (laughter) militar sa gobyerno ngayon." Sabihin ko sa kanila, "Sige, bahala na kayo. Solve the problem."

Ngayon, sila ang i-firing squad mo kung walang magawa. I'll hand it to somebody else. Kung hindi ko kaya 'to. So yan ang promise ko sa inyo. May 20 billion na yan. Standby na yan diyan. Standby na yan. Para na yan sa edukasyon ng lahat ng anak ng sundalo o pulis. So wala na kayong problema sa edukasyon. (applause)

May away pa sa Marawi pero patapos na yan. Patapos na. Magdasal lang kayo. Pray to Allah and pray to God na mapatapos na 'to. Sana wala nang— patapos na. At magbalik siguro ako doon bago matapos. Ayoko yung magpunta doon ng gaya ng ibang leader, yung nagsisigawan na. Tapos na ang giyera. Gusto ko, pumunta doon na nakikiramay pa rin ako sa hirap nila. I'll go there but maybe—

Sa lahat ng ospital, pati kami sa gobyerno, nag-aaway kami ngayon dahil nga itong procurement law. Itong mga equipment sa ospital na binili ko last year, hanggang ngayon, hindi pa na-deliver. Kakatapos lang ng bidding. Kaya ako pumutok.

I was there July, pagka-Presidente ko, June 30— June 30. July, pumunta na ako ng AFP Medical Center. Tanung-tanong na ako, wala silang ganito, wala ganon. Kami ni General Esperon, si General Lorenzana. Nung nalaman ko na wala pa talagang— talagang pumutok ako. Nagpi-piyak-piyak ako doon, sabi ko, put—

Yan ang ano ko sa gobyerno. Kaya nung sa SONA, sinabi ko, "Hoy, kayong mga COA, huwag kayong mag— huwag ninyong pahabaan ng ano—" Kaya ngayon, sabi ko, 15

days. Pagbili niyan, deliver kaagad, bayad. Basta may bidding. Yang TRO-TRO na yan. Sabihin ko, “Huwag kayong maniwala diyan.”

I— I would like to address myself to the courts. Ayaw ko ng away sa judiciary. Pag may bidding at ang bidding, mahusay, wala namang record na pinapatay o hino-holdup doon, dumaan ang bidding, wala na kayong pakialam. Para mabili na— whatever, whatever. Medisina o equipment. Basta nandiyan yung bidding at may certification.

Kaya ang gusto ko, kayo mismo ang nandoon. Every bidding, kayong taga-COA doon kasi mag-TRO ang korte, hindi na ko maniwala. Sabihin ko talaga, “Huwag kayong maniwala diyan sa korte, kundi walang katapusan itong (expletive) itong gobyernong to.” Biro mo, one year after, pati yung— Mabuti’t na lang, hindi ako ang commander. Ako ang Commander? Mag-coup d’etat tayo. Letse.

Huwag kayong mag— basta, any judge na mag-TRO either puntahan kita sa opisina mo and explain to me why, if I am not satisfied with your explanation, may problema tayo, ‘adre. We have a problem. And if there is no problem, I will create a problem for all of us. Okay yan?

Hindi na po ako magtagal. May pagkain? (laughter) Walang lason yan. (laughter) Hindi kayo kalaban ng gobyerno. Salamat sa pagdalaw ninyo dito.

I said, “I will comply with my promise that will ensure the education of your hildren.” Walang problema.

Maraming salamat po. (applause)